



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Nobyembre 6, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Inayos ng Air District ang kaso sa Chevron U.S.A. Inc.

Magbabayad ang refinery ng \$225,500 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na pumayag ang Chevron U.S.A. Inc. na magbayad ng \$225,500 para ayusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa refinery nito sa Richmond.

Kasama sa pag-aayos ang 51 paunawa ng paglabag na ibinigay sa kumpanya para sa hindi pagsunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin sa panahon ng mga operasyon nito na pangunahing nangyari noong 2015 at 2016. Inayos kaagad ang mga paglabag na humantong sa pag-aayos na ito pagkatapos itong malaman.

“Tinatrang masyadong seryoso ng Air District ang bawat paglabag ng mga tuntunin sa kalidad ng hangin,” sabi ni Jack Broadbent, executive officer ng Air District. “Nakakatulong ang mga dedikadong inspektor ng dalisayan na masiguro na ang mga paglabag ay mabilis na itatama at ang kalidad ng hangin at ang publiko ay protektado.”

Kasama sa mga paunawa ng paglabag ang:

- Ang ilang paglabag ng pederal na pamantayan ay naglilimita sa dami ng hydrogen sulfide na maaaring sunugin sa mga pananimulan ng pagniningas
- Ang paglabag sa abala sa publiko na kasunod ng flaring na kaugnay ng hindi planadong shutdown
- Ang paglabag ng pamantayan sa pagiging hindi tinatagusan ng liwanag para sa usok na kaugnay ng flaring
- Ang mga paglabag na ito sa pag-aatas na subaybayan ang daloy ng fuel sa mga pugon para kontrolin ang mga Nitrogen oxide emission
- Ang kabiguang magsama ng ilang bahagi sa pagtukoy ng leak at programa sa pagkumpuni
- Ang mga nitrogen oxide ay lumagpas sa mga limitasyong itinaguyod ng pahintulot ng Distrito sa mga emisyon ng pugon
- Kabiguang subaybayan sa proseso ng depressurization ng vessel

Nagbibigay ang Air District ng mga paunawa ng paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang tumutugon sa paunawa sa loob ng sampung araw at nagsusumite ng isang paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para iwasto ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Air District tulad ng inspeksiyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)